



TAMANG SAGOT (TS)
Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular

Circular No.	2023-0011
Title	Recognition of Third Party Accreditation (TPA) Mechanisms

Tanong	Sagot
1. Ano ang Third Party Accreditation (TPA)?	Ito ay isang pamamaraan kung saan kikilalanin ng PhilHealth ang isa o higit pang organisasyon na magpapatunay na ang health facility ay sumusunod sa mga pamantayan ng PhilHealth na nakasaad sa Benchbook for Hospital 2 at Benchbook for Outpatient Health Facilities.
2. Ano ang layunin ng polisiyang ito?	Upang magbigay ng gabay sa mga organisasyon na interesadong mag-apply bilang isang third party accreditor.
3. Ano ang sakop ng polisiyang ito?	Sakop nito ang mga pamantayan at requirements para sa pagkilala ng third party accreditor. Saklaw nito ang lahat ng aplikasyon para sa third party accreditation na matatanggap matapos mailathala ang Circular na ito.
4. Mapapalitan ba ng proseso ng Third Party Accreditation ang kasalukuyang proseso ng accreditation?	Hindi. Ang accreditation sa PhilHealth maging ito ay initial, renewal o re-accreditation ay hiwalay na proseso sa third party accreditation. Ang third party accreditation ay siyang magiging basehan para sa pagbibigay ng insentibo batay sa aspeto ng kalidad ng serbisyong ibinibigay ng PhilHealth-accredited na pasilidad.
5. Paano makatutulong sa PhilHealth at Health Care Facilities ang mekanismo ng Third Party accreditation?	Sa pamamagitan ng pagkilala ng PhilHealth sa third party accreditation, ang mekanismo na nagtatatag ng sistema ng rating sa ilalim ng incentive scheme ay kikilalanin at bibigyang gantimpala ang mga health facilities na nagbibigay ng mas mahusay, patas at dekalidad na serbisyo. Ito ay maaaring gamitin bilang batayan para sa pagbibigay ng mga insentibo sa mga accredited na pasilidad ng PhilHealth.